

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Pagpapahalaga sa Bayan: Kailangan para sa Kaunlaran



## **Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

## **Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Pagpapahalaga sa Bayan: Kailangan para sa Kaunlaran**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jason H. Hadap
<b>Editor:</b>	Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
<b>Tagasuri:</b>	Ana N. Calisura
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Edsel D. Doctama; Paulina Crescini
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad
	Francisco B. Bulalacao Jr.
	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico
	Imelda R. Caunca
	Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

### **Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 052) 225-4668, (052) 225-4669

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:**

**Pagpapahalaga sa Bayan:**

**Kailangan para sa Kaunlaran**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Natutunan mo sa mga nakaraang aralin ang kahalagahan ng kagalingang pansibiko sa mas nakararaming mamamayan sa lipunan.

Pag-aaralan mo naman ngayon ang ambag nito sa kaunlaran ng ating bayan. Lubos mo ring mauunawaan ang mga dapat gawin upang maging kapaki-pakinabang na mamamayan ng ating bansa.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang- unawa sa pagpapahalaga sa kanyang mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino.

### **Pamantayang sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakikilahok sa mga gawaing pansibiko na nagpapakita sa kanyang pagganap sa kanyang tungkulin bilang mamamayan ng bansa at pagsasabuhay ng kanyang karapatan.

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa.



Kaalinsabay ng kagalingang pansibiko, paano pa ba maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bayan? Anu-ano ang mga bahaging ginagampanan ng mamamayan upang umunlad ang bansa?

Tara! Sabayan mo akong tuklasin ito sa bagong aralin.



## **Subukin**

Panuto. Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang **FACT** kung ito ay nagsasaad ng pagiging maunlad ng isang bansa at **BLUFF** naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 5 minuto. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. May mga nakatapos sa pag-aaral na umaalis ng bansa upang manilbihan sa ibang bansa.
2. Marami ang bilang ng hindi nakababasa at nakasusulat.
3. Ang mga 15 taong gulang na kabataan pababa ay pinagtatrabaho.
4. Masaya ang nakararaming mamamayan na nanunungkulan sa pamahalaan.
5. Sapat at makatuwiran ang kinikita ng mga tao.
6. Laganap ang rebelyon at krimen sa mga lalawigan.
7. Maraming dayuhan ang dumadalaw at namumuhunan sa ating bansa.
8. Naaabuso ang mga likas na yaman.
9. Hindi nakikinig sa Pangulo ng bansa at hindi sinusunod ang mga batas.
10. Walang krimen na naitala sa loob ng isang buwan.

## Aralin

# 1

## Pagpapahalaga sa Bayan: Kailangan para sa Kaunlaran



### *Balikan*

Panuto: Tukuyin ang gawaing pansibikong isinasaad sa bawat bilang. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot mula sa pagpipilian. Gawin ito sa loob ng 4 minuto sa sagutang papel.

A – Kalikasan

C – Pampalakasan

B – Kalusugan

D – Edukasyon

- \_\_\_1. Pagsasagawa ng paligsahan sa pagpipinta ng mga batang lansangan.
- \_\_\_2. Pagsasagawa ng libreng operasyon para sa mga may biyak na labi.
- \_\_\_3. Pagbubuo ng liga para sa palaro sa inyong barangay.
- \_\_\_4. Pagbibigay ng libreng check-up para sa mga buntis sa health centers ng malalayong barangay.
- \_\_\_5. Pagsama sa pagtanim ng maliliit na puno sa Sierra Madre.

Panuto: Isulat ang **WASTO** kung ang pahayag ay nagpapakita ng kagalingang pansibiko at **HINDI WASTO** naman kung hindi.

- \_\_\_6. Pagbibigay ng mga relief goods sa mga nasalanta ng kalamidad.
- \_\_\_7. Panlibre sa mga barkada at panunuod ng sine.
- \_\_\_8. Paglalaan ng oras sa mga bahay ampunan at batang lansangan.
- \_\_\_9. Pagtulong sa mga taong nangangailangan.
- \_\_\_10. Pagsawalang kibo sa nakikitang pang-aabuso sa kapaligiran.



## **Tuklasin**

Panuto. Basahin at isaayos ang mga *jumbled letters* sa ibaba upang mabuo ang mga salita na naglalarawan sa araling ito. Gawin sa loob ng 2 minuto sa sagutang papel.

### **MAGPAINN GN AMMAYAMAN**

---

Naisaayos mo ba at nabuo ang salitang may kaugnayan sa aralin sa modyul na ito? Magaling!

Anu-ano ang mga katangian ng isang maunlad na bansa? Paano maitataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa?



## **Suriin**

Panuto. Basahin at unawain ang nilalaman ng aralin sa modyul na ito. Gawin ito sa loob ng 7 minuto sa sagutang papel.

Ang kaunlaran ng bansa ay nakabatay sa kasaganaan ng mga mamamayang bumubuo nito. Itinuturing na maunlad ang isang bansa kung pantay-pantay ang pagturing sa mamamayan at maayos ang pagpapatakbo ng lipunan. Kung pantay ang turing sa lahat, walang aabuso sa karapatan at kapangyarihan. Wala ring mapagkakaitan ng mga yaman at benepisyo na kadalasang sanhi ng katiwalian o krimen na malaking hadlang sa pagbabago at pag-unlad. Kaalinsabay nito, ang kaunlaran ng bansa ay maibabata sa kakayahan nitong guminhawa ang pamumuhay mula sa kahirapan tungo sa kasarinlan ng bawat isa.



Sa isang banda, itinataguyod ng mamamayan ang maunlad na lipunan sa pamamagitan ng iba-ibang gawain. Ang mamamayan ng bansa ay may mga gampanin na maaari nitong maging kontribusyon sa pagtataguyod sa pambansang kaunlaran. Mabilis din ang magiging pagbabago ng bansa kung ang lahat ng mamamayan ay alam kung ano ang maaari nyang gawin upang maging kapaki-pakinabang.

Pag-aralan ang graphic organizer kaugnay sa gampanin ng mamamayan para makatulong sa pag-unlad ng bayan.

### **Mga Gawain ng Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagtataguyod ng Pambansang Kaunlaran**

#### **Paglinang ng sariling katalinuhan at kakayahan**

Makabubuting linangin ng bawat isa ang sariling galing at talento hindi lamang para sa sarili kundi para sa bayan.

#### **Pagiging produktibo.**

Maging malikhain at maabilidad upang matustusan ang sariling pangangailangan at makatulong sa iba. Hindi kailangang humingi palagi ng awa, mamalimos, o umasa sa iba upang makamit ang kasaganahan. Kung ang bawat isa ay marunong humanap ng sariling pagkakakitaan, magiging madali ang pag-unlad ng bayan.

#### **Pagmamahal sa bansa at kapwa Pilipino.**

Ang pagtutulungan ay susi sa kaunlaran. Kung ang bawat Pilipino ay susuporta sa isa't isa at hindi maglalamangan, magiging masagana ang ating bayan. Isa sa pinakakongkretong halimbawa nito ang pagtangkilik sa mga produktong Pilipino. Liban sa malaki ang maitutulong nito sa pagbawas sa kahirapan, nakapagbibigay-kita at trabaho pa ito para sa ating mga kababayan.

**Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan.**

Pinamamahalaan at pinamumunuan ng mga kabilang sa pamahalaan ang kabang bayan, polisiya, at iba pang mga batayang serbisyo para sa bayan. Marapat lamang na tiyaking tapat at mahusay ang ating mga pinuno nang sa gayon ay magiging maayos ang takbo ng ating lipunan.

**Pagsunod sa mga batas.**


Binuo ang mga batas upang pangalagaan ang ating kapakanan, buhay, at ari-arian. Kung hindi igagalang ang batas, magugulo ang kaayusan sa ating bayan. Maging ang seguridad sa payapa at matiwasay na buhay ay maitataya. Marapat na sundin ito sa tahimik, sagana, at maayos na paninirahan sa ating bayan.

**Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi.**

Inihahandog ng kalikasan ang lahat ng batayang pangangailangan upang mabuhay ang tao. Marapat lamang na pangalagaan ito sa pamamagitan ng pagtitipid, pagpigil sa polusyon, paghihiwalay ng basura, at pagre-recycle. Ang ating pamanang lahi ay ating pagkakakilanlan at tayo ay tagataguyod ng pambansang dangal at kasaysayan. Marapat na kilalanin at ingatan ito hanggang sa susunod na mga salinlahi.

**Pag-iingat sa mga pampublikong gamit at lugar.**





















Pangalagaan ang mga gusali at impraestruktura tulad ng mga kalsada at tulay, paliparan, at ospital na galing sa pagsisikap sa trabaho at pagpupunyagi sa kabuhayan ng mga Pilipino. Bilang mga paraan sa pag-unlad ng ekonomiya at kabuhayan, pag-ingatan ang mga ito at iwasan ang maling paggamit at kapabayaan.



## ***Pagyamanin***

### **GAWAIN 1**

**Panuto.** Basahin ang mga pahayag sa bawat bilang. Iguhit sa sagutang papel ang puso kung ito ay nagpapakikita ng gampanin ng mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa at bituin naman kung hindi. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.

-   1. Pagtanim ng mga halaman at punongkahoy sa mga bakanteng lote.
-   2. Pagtawid sa kalsada kapag ang ilaw ay kulay berde.
-   3. Hindi pagbubuhos ng tubig sa inidoro sa tuwing gagamit ng pampublikong palikuran.
-   4. Pakikisabwatan sa paggawa ng illegal.
-   5. Tinatapos ang gawain sa takdang panahon.
-   6. Pagsali sa mga paligsahan upang mapaunlad ang talento.
-   7. Pagbili ng mga produkto na yari sa ibang bansa.
-   8. Pagtulong sa matandang tatawid sa kalsada.
-   9. Pagbubukod-bukod ng mga basura ayon sa uri nito.
-   10. Pagshishare ng mga magagandang lugar o pamanang lahi ng bansa sa social media.

## **GAWAIN 2**

Panuto. Piliin ang tamang salita upang mabuo ang pahayag na naglalarawan ng pagganap ng mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa. Sagutin ito sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto.

1. Si Lito ay mahilig kumanta kung kaya siya ay (naglalaro, nageensayo, sumisigaw) para sumali sa paligsahan.
2. Habang nagmamaneho si Ben ay nakita nyang kulay pula ang ilaw trapiko kung kaya siya ay (nagpatuloy, huminto, naghanda).
3. Si Alan ay sumama sa pamamasyal at may nakita siyang batang nagsusulat sa pader ng lumang simbahan kung kaya agad nya itong (tinulungan, sinuntok, pinagsabihan) sa ginagawa nito.
4. Ang mga opisyal ng pamahalaan ay dapat laging iniisip ang kapakanan ng (sarili, kamag-anak, mamamayan) sa pagganap ng kanilang tungkulin.
5. Para maging isang produktibong mamamayan ng bansa ay kailangan na magkaroon ng (seksi, sakitin, malusog) na katawan.

## **GAWAIN 3**

Kumpletuhin ang titik ng mga salitang tinutukoy sa bawat bilang upang mabuo ang gawain na kinakailangan sa pagtataguyod ng pambansang kaunlaran. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 2 minuto.

1. Kinakaikailangan na linangin sa sarili upang maging kapakinabang. ( K \_ \_ A L I \_ U H A N at \_ A K A \_ A \_ A N )
2. Kung ang lahat ay susunod dito ay maiiwasan ang di pagkakaunawaan at mapapanatili ang kaayusan at katahimikan. ( \_ A \_ A S )
3. Sa pamamagitan nito ay lubos na mapapakinabangan ang likas na yaman kung ito ay mapangangalagaan. ( K \_ P A L \_ \_ I \_ A N )
4. Sa tuwing gagamit ang mga tao nito ay dapat panatiliing maayos at malinis. ( P A \_ P U B \_ I \_ O N G G \_ M \_ T )
5. Kapag ito ay nanatili sa sistema ng pamahalaan ay hindi magkakaroon ng maayos na lipunan. ( \_ A T I \_ A L \_ A N )



## ***Isaisip***

Panuto. Basahin ang bawat parirala sa kahon at pagdugtungdugtungin ito upang mabuo ang pangungusap na tungkol sa impormasyong natutunan sa aralin. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 2 minuto.

- tulad ng kalayaan ng mamamayang pumili at magpasiya para sa sarili,
- at maranasan ang katarungang panlipunan
- maabot ng mga batayang serbisyo, matamasa ang pagkakapantay-pantay,
- *ang kaunlaran ay nakabatay sa panlipunang kagalingan*



## ***Isagawa***

**Panuto.** Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na palagay mo ay iyong nagagampanan bilang isang mamamayan para sa pagtaguyod na pambansang kaunlaran. Gawin sa sagutang papel sa loob ng 4 minuto.

<b>Katangian ng Mamamayan</b>	<b>Palagi</b>	<b>Minsan</b>	<b>Hindi</b>
1. Tinatapos ang gawaing nakaatang sa iyo			
2. Pinapangalagaan ang likas na yaman			
3. Ginagamit nang maayos ang mga pampublikong pasilidad o lugar			
4. Pagwawalang kibo sa mga pangyayari sa kapaligiran			
5. Tinatangkilik ang mga produktong yari sa bansa			
6. Nag-aaral nang mabuti upang mapaunlad ang sarili			
7. Natutulog sa oras ng gawain			
8. Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan			
9. Pakikiisa sa mga programa sa inyong paaralan			
10. Pagtulong sa iba sa oras ng pangangailangan.			




## **Tayahin**

**Panuto.** Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

1. Sino sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagiging isang produktibong mamamayan?
  - A. Si Mila na humihingi ng awa sa ibang tao para sa ay tulungan.
  - B. Si Pedro na nakapagtapos ng pag-aaral pero umaasa sa mga magulang na buhayin ang sarili.
  - C. Si Abel na nagsusumikap sa pagtatrabaho bilang isang janitor para buhayin ang pamilya kahit siya ay nag-aaral.
  - D. Si Benito na nagnanakaw para may maiuwing pagkain sa bahay.
2. Paano maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bansa?
  - A. Sirain ang mga panpublikong kagamitan at lugar.
  - B. Makipagsabwatan sa katiwalian sa pamahalaan.
  - C. Umaasa sa iba at huwag linangin ang sariling kakayahan.
  - D. Paunlarin ang sariling kakayahan para maging kapakipakinabang.
3. Paano mo mapapaunlad ang iyong sariling kakayahan?
  - A. Maging tamad at mandaya sa mga aralin sa paaralan.
  - B. Mag-aral nang mabuti at magsanay upang mapaunlad ang talento.
  - C. Iasa sa iba ang iyong gawain.
  - D. Magpatulong palagi para hindi mahirapan sa paggawa.

4. May nakita kang matandang tatawid sa kalsada na may dalang mabigat na gamit. Ano ang iyong gagawin?
- Sasabihan ang matanda na mag-ingat sa pagtawid.
  - Magkunwaring hindi nakita ang matanda.
  - Bitbitin ang dala ng matanda at tulungan itong makatawid sa kalsada.
  - Sabihan ang ibang nakakakita na tulungan ang matanda.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran?
- Labis na paggamit sa likas na yaman.
  - Pagpuputol ng puno upang gawing muebles.
  - Pagtatapon ng mga basura sa mga anyong tubig.
  - Pagtatanim ng mga punong kahoy at pakikiisa sa mga programang pangkalikasan.
- 6-10. Panuto. Isulat sa sagutang papel kung anong gawain ng mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ang tinutukoy sa bawat bilang. Piliin sa scroll ang sagot:



- \_\_\_\_\_ 6. Si Marlon ay nag-aaral sa TESDA upang matutuhan ang ibat-ibang kakayahan na makatutulong sa kanya sa pagtatrabaho.
- \_\_\_\_\_ 7. Si Edith na ginagawang kapakipakinabang ang mga patapong bagay.



- \_\_\_\_ 8. Laging sumusunod sa patakaran sa oras o “*curfew*” si Obet sa kanilang barangay.
- \_\_\_\_ 9. Isinumbong ni Lando ang nakita niyang panunuhol ng isang *drug lord* sa isang opisyal ng pamahalaan.
- \_\_\_\_ 10. Mas pinipili ni Stephanie ang pagkain ng adobo at laing kaysa sa pagkain ng *spaghetti* at *hamburger*.



## ***Karagdagang Gawain***

Bilang isang mag-aaral ay maaari ka nang makagawa ng mga simpleng paraan upang maging kapaki-pakinabang sa iyong pamayanan. Magsulat ng tig-iisang halimbawa na maaari mong gawin para sa ikauunlad ng ating bansa. Gamitin ang talahanayan sa iyong pagsagot. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto.

<b>MGA HALIMBAWA NG GAWAIN SA PAGPAPAHALAGA SA PAGTATAGUYOD NG PAMBANSANG KAUNLARAN</b>	<b>MGA GAWAING MAAARI MONG GAMPANAN</b>
Paglinang sa Sariling katalinuhan at Kakayahan	
Pagiging Produktibo	
Pagmamahal sa Bansa at Kapwa	
Pagsunod sa Batas	
Pangangalaga sa Kapaligiran at Pamanang Lahi	



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;"><b>SUBUKIN</b></p> <p>1. BLUFF 2. BLUFF 3. BLUFF 4. FACT 5. FACT 6. BLUFF 7. FACT 8. BLUFF 9. BLUFF 10. FACT</p> <p style="text-align: center;"><b>BALIKAN</b></p> <p>1. D 2. B 3. C 4. B 5. A 6. WASTO 7. HINDI WASTO 8. WASTO 9. WASTO 10. HINDI WASTO</p> <p style="text-align: center;"><b>TUKLASIN</b></p> <p>GAMPANIN NG MAMAMAYAN</p>	<p style="text-align: center;"><b>Pagymanin</b></p> <p><b>GAWAIN 1</b></p> <p>1. ★ 2. ♥ 3. ♥ 4. ★ 5. ♥ 6. ♥ 7. ★ 8. ♥ 9. ♥ 10. ♥</p> <p><b>GAWAIN 2</b></p> <p>1. NAG-EENSAYO 2. HUMINTO 3. PINAGSABIHAN 4. MAMAMAYAN 5. MALUSOG</p> <p><b>GAWAIN 3</b></p> <p>1. KATALINUHAN AT KAKAYAHAN 2. BATAS 3. KAPALIGIRAN 4. PAMPUBLIKONG GAMIT</p>	<p style="text-align: center;"><b>ISAISIP</b></p> <p>Ang kaunlaran ay nakabatay rin sa panlipunang kagalingan ng tulad ng kalayaan ng mamamayang pumili at magpasiya para sa sarili, maabot ng mga batayang serbisyo, matamasa ang pagkakapantay-pantay, at maramasan ang katarungang panlipunan.</p> <p style="text-align: center;"><b>ISAGAWA</b></p> <p>Answers may Vary</p> <p style="text-align: center;"><b>TAYAHIN</b></p> <p>1. C 2. D 3. B 4. C 5. D 6. Paglinang sa Sariling Kakayahan 7. Pangangalaga sa kapaligiran 8. Pagsunod sa Batas 9. Pagtulong sa pagtigil ng kativalian 10. Pagmamahal sa Bansa</p> <p style="text-align: center;"><b>KARAGDAGANG GAWAIN</b></p> <p>ANSWERS MAY VARY</p>
---	--	--

## ***Sanggunian***

Adriano, Ma. Corazon V. , Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015. Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp.164-170.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)